

EDITORIAL

Basagin ang ilusyon ng demokrasya sa ilalim ng tiraniya ni Duterte

Ninakaw ng tiranikong rehimeng Duterte ang nagdaang eleksyon. Nambraso si Rodrigo Duterte at gumamit ng rekurso at pondo ng estado para tiyaking pabor sa kanyang hangaring kontrolin ang kongreso at buong reaksyunaryong guberno ang resulta nito.

Maling inilalarawan ang nagdaang eleksyon bilang patunay ng malalim na suporta para kay Duterte. Malayong malaya o patas ito. Isinagawa ito sa ilalim ng mga kundisyon ng batas militar sa Mindanao, todogera sa buong bansa at pekeng gera kontra-droga. Ang tanging pinatunayan nito ay ang kakayahan ni Duterte na ipailalim ang buong sistemang pulitikal sa kanyang tiraniya.

Ginamit ni Duterte ang militar at pulis para takutin, patahimikin at pilayin ang suporta para sa kanyang mga karibal at kritiko. Bago at sa

panahon ng kampanya, walang awat ang pamamaslang ng kanyang mga kaalyado sa kanilang mahihigpit na karibal. Lantaran niyang ginamit ang mga korte, ahensya at lokal na guberno—kaalinsabay sa "whole-of-nation approach" nito laban sa "insurhensya"—para bansagang "terorista" ang mga progresibong kandidato at partido. Ginamit niya ang bilyun-bilyong pondo ng bayan para bahain ang midya ng mga maka-administrasyong kasinungalingan at lunurin ang boses ng oposisyon.

"Basagin..." sundan sa pahina 2

8 armas, nasamsam ng BHB-Negros

MATAGUMPAY NA NIREYD ng Bagong Hukbong Bayan-Southern Negros (Armando Sumayang Jr Command) ang isang detatsment ng Revolutionary Proletarian Army-Alex Bongcayao Brigade (RPA-ABB) sa Sityo Mambinay, Barangay Locotan, Kabankalan City sa Negros Occidental noong Mayo 8, bandang ala-una ng madaling araw. Dalawang elemento ng RPA ang napatay habang tatlo ang nasugatan. Naka-samsam dito ang BHB ng isang maginggan, isang Browning Automatic Rifle, isang M14, tatlong M16, dalawang pistola at mga bala.

Mula nang humiwalay ang RPA-ABB sa BHB noong 1993, nagsilbi na itong galamay sa mga kontra-rebolusyonaryong kampanya ng AFP. Sa parehong panahon, tumindig din itong pribadong armadong grupo ng malala-

"8 armas..." sundan sa pahina 3


"Basagin..." mula sa pahina 1

Pinakamapagpasya ang kanyang paggamit sa Commission on Elections para malawakang dayain ang resulta ng de-kompyuter na pagbibilang at paglilista ng boto. Sa araw ng eleksyon, nasa 1,000 makina sa pagboto ang naiulat na nasira sa buong bansa at naantala ang bilangan nang pitong oras. Magulo kahit ang botohan sa hanay ng mga botante sa labas ng bansa. Ayon sa mga eksperto, ang nagdaang eleksyon na ang pinakapalpak sa panahon ng de-kompyuter na botohan, at isa sa pinakamapanganib sa kasaysayan.

Nasa tiranikong kontrol na ni Duterte ang lahat ng mga sangay ng gubyrno ngayong naggapi na niya ang oposisyong pulitikal sa Senado. Dati na niyang hawak ang Mababang Kapulungan sa pamamagitan ng alyansa niya kay Gloria Macapagal-Arroyo. Gamit ang alyansang ito, at ang milyun-milyong nakaw na yaman ng pamilyang Marcos, nakatakdang muli niyang

madomina ang bagong-halal na Kongreso at maging ang mga lokal na gubyrno. Liban dito, 12 sa 15 huwes ng Korte Suprema ay itinalaga na ng kanyang rehimen.

Lalong pinalakas ng "tagumpay" sa eleksyon ang loob ni Duterte na lalong mabangis na gipitin ang kanyang mga karibal at kritiko. Determinado siya na patindihin ang panggigipit at patahimikin pareho ang konserbatibong oposisyon at ang kilusang masa laban sa kanyang tiraniya at pigilan ang mga demokratikong pwersa na buuin ang malawak na nagkakaisang prente laban sa kanyang iskemang diktador.



Ang ambisyon ni Duterte na maging diktador ay itinutulak ng kanyang takot na maaresto, makasuhan at makulong sa lahat ng mga krimen ng kanyang brutal na rehimen. Gayunpaman, ang kanyang pagkukumahog na solohin ang kapangyarihan ay magpapalalim sa mga bitak sa pagitan ng mga naghaharing uri, kahit sa pagitan ng kanyang mga alyado. Ngayon pa lamang, naghahanda na ang kanyang mga kalaban para sa kasunod na eleksyon. Titindi rin ang pag-aagawan ng mga paksyon ng militar at pulis para sa pabor at pusisyon sa burukrasyang sibil at militar.

Gayundin, nilikha ng pandaraya at tiraniya ni Duterte ang higit pang paborableng mga kundisyon para sa pagsulong ng ligal na kilusang masa. Dapat magpursige ang mamamayan sa pagbasag sa ilusyon ng demokrasya na nais likhain ni Duterte. Dapat nilang higit pang ilantad

ang kanyang seryosong pag-abuso sa kapangyarihang pulitikal, malawakang pagpatay, pagbibigay ng proteksyon sa malalaking drug lord, pagpataw ng pahirap na mga buwis, pagbenta sa pambansang patrimonya sa China, pangangayupapa sa militar ng US, korapsyon sa utang at kontrata ng gubyrno, at iba pang malalalang krimen.

Kailangang palawakin nila ang pakikibaka laban sa plano ni Duterte na amyendahan ang konstitusyon para palawigin ang kanyang termino at tanggalin ang mga garantiya sa karapatang-tao. Kabilang sa inihapag na ni Duterte na mga pagbabago ang pagbibigay sa mga dayuhang kapitalista at kanilang mga kasosyong kumprador ng dagdag na karapatan na dambungin ang natitirang rekurso ng bayan at lalupang pigain ang lokal na lakas paggawa para sa papalaking kita.

Kasabay nito, tiyak ding itutulak ni Duterte ang pagpasa sa



Tomo L Blg. 10 | Mayo 21, 2019

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

 [instagram.com/progressiveviews](https://www.instagram.com/progressiveviews)

 @prwc_info

 [fb.com/groups/prwcnewsroomv2](https://www.facebook.com/groups/prwcnewsroomv2)

 cppinformationbureau@gmail.com

Nilalaman

Editorial: Basagin ang ilusyon ng demokrasya sa ilalim ni Duterte	1
8 armas, nasamsam sa Negros	1
Ukol sa mga Mangyan at Dumagat	3
Militar sa Las Navas, napalayas	3
Konsolidasyon ng pangkating Duterte	4
#LabanBayan kontra dayaan`	5
Iba pang mga protesta	5
Pang-aagaw ng lupang Maranao	6
Piket sa Holcim, inatake	7
Dagdag na mga aktibidad ng US	7
US-China gera sa kalakalan	7

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

mga panukalang magpapa-higpit sa kanyang pasistang kontrol sa lipunan. Ilan sa tinukoy na niyang prayoridad ang pagpababa sa edad para sa pananagutang kriminal, parusang kamatayan at rekisitong pagsasanay-militar ng mga menor de edad gamit ang Reserved Officers Training Corps.

Kailangang magpunyagi ang lahat ng demokratikong pwersa sa gawaing propaganda sa hanay ng masa para ilantad ang tiraniya ni Duterte. Kailangang magpunyagi sila sa pag-organisa sa mga sektor na sawa na sa kanyang korap, kriminal at sunud-sunuran na paghahari. Kailangan nilang magsikap na palakihin at palawakin pa ang kanilang mga mobilisasyon. Dapat doblehin ang pagsisikap para buklurin ang mga grupong anti-Duterte at buuin pinakamalawak na pagkakaisa laban sa kanyang tiraniya. Ang pagpupukaw, pag-organisa at pagpapakilos sa mamamayan ang susi sa pagpapataksik sa kanyang bulok, pasista at papet na rehimen.

Ang mga pagsisikap na ito ay dapat sabayan ng pagiging ng armadong pakikibaka sa buong bansa. Higit kailanman, kailangan bigwasan ng malalaki at maliliit na dagok ang mga armadong galamay ng estado na walong awat na nagsasagawa ng mga pang-aabuso, pamamaslang at pananakot sa milyun-milyon sa kanayunan. Dapat maipakita sa mamamayan na palagiang nasa likod nila ang kanilang hukbong bayan. Habang tumatagal ang brutal na paghahari ni Duterte, lalong humihigpit ang tungkuling patalsikin siya sa poder. AB

"8 armas..." mula sa pahina 1

king kumprador-panginoong maylupa sa Negros tulad ng mga Arroyo, Alvarez, Zayco, Sola, Maranon, Benedicto de la Cruz at ni Eduardo Cojuangco.

Nagsimula bilang armadong galamay ng Rebolusyong Partido ng Manggagawa ng Pilipinas (RPMP) ang RPA noong 1994. Ang RPMP ay itinayo ng mga rebisyunistang taksil na sina Arturo Tabara na tumanging magwasto noong dekada 1990. Samantala, ang ABB naman ay isang yunit gerilya na nakabase noon sa Metro Manila at pinamunuan ni Nilo dela Cruz. Nagsanib ang RPA at ABB noong 1997.

Hindi pa nagtatagal matapos hu-

miwalay sina Tabara at dela Cruz, naging matitigas na kontra-rebolusyong elemento ang mga myembro ng RPA-ABB at pormal na sumurender sa rehimeng US-Estrada noong 2000. Mula noon, ginamit sila ng magkaka-sunod na rehimen para itulak ang huwad na lokal na usapang pangkapayapaan tungo sa kapitulasyon. Nagkukunwari silang mga rebolusyong pero sa aktwal, sila ay mga mersenaryo, bandido at maton ng naghaharing uri ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Kabilang sa kanilang pinakahuling krimen ang pagmasaker sa siyam na magsasaka sa Sagay noong nakaraang taon. AB

Pambobomba, pagpapasurender sa Mangyan at Dumagat, kinundena ng NDF-ST

MARIING KINUNDENA NG National Democratic Front-Southern Tagalog ang walong awat na militarisasyon sa mga komunidad ng mga Mangyan sa isla ng Mindoro at Dumagat sa prubinsya ng Quezon.

Walang tigil ang mga operasyong militar ng AFP at PNP sa Quezon mula pa Mayo 2018. Sa nakaraang buwan, sunud-sunod na nag-imbento ng mga sagupaan ang AFP sa pagitan ng mga yunit nito at mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan para bigyan-katwiran ang kanilang okupasyon at pagdadagdag ng tropa sa mga komunidad ng Dumagat.

Ang hakbang na ito ay tulak ng Southern Luzon Command at ipinatutupad ng Regional Task Force (RTC) to End Local Communist Armed Conflict. Itinutulak ng RTC ang kunwa'y mga "proyektong pangkaunlaran" tulad ng Laiban Dam at Kaliwa Dam na mahigpit na tinututulan ng mga residente sa lugar.

Sa Mindoro, pinangunguhan ng isang Col. Marceliano Teofilo ng 203rd Bde ang panggigipit sa mga Mangyan. Noong Mayo, binomba at inistraping ng nabanggit na yunit militar ang Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro at Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro. Dahil dito, mahigit 1,000 Mangyan ang napilitang magbakwit.

Militar sa Las Navas, napalayas

MATAGUMPAY NA napalayas ng mga residente ng Barangay San Miguel, Las Navas ang mga sundalo ng 20th IB noong Mayo 10. Higit isang taon nang nakakampo ang mga berdugo sa komunidad.

Kasunod ito ng organisadong pagbakwit ng mga residente at pakipagdayalogo sa lokal na guberno ng Las Navas, 20th IB at Department of Interior and Local Government noong Mayo 9.

Sa araw na iyun, 60 residente ang nagmartsa mula San Miguel patungo sa sentro ng Las Navas. Tinangka ng mga sundalo na pigilan ang mga residenteng magsasaka sa Barangay San Jorge at pinilit silang "maglagbuk" pero hindi nagpasindak ang mga magsasaka. Malisyosong iniuugnay ng 20th IB ang mga magsasaka na mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan para bigyan-katwiran ang iligal nilang okupasyon sa baryo at panggigipit sa mga residente.

Hinarang din ng mga sundalo ang pambansang *fact-finding mission* na inilunsad noong Mayo 20-22 ng Katungod Sinirangan Bisayas, Karapatan at Rural Missionaries of the Philippines.

Eleksyon para sa konsolidasyon ng kapangyarihan ng pangkating Duterte

Gamit ang dahas, panlilinlang at malawakang pandaraya, "naipanalò" ni Rodrigo Duterte ang 10 sa kanyang 12 kandidato sa pagkasenador sa nagdaang eleksyon. Sa gayon, 19 senador o 3/4 ng Senado ang saklaw ng kanyang pangkatin. Lilima na lamang ang maituturing na oposisyon. Isa sa kanila, si Sen. Leila de Lima, ay nakakulong hanggang sa kasalukuyan.

Wala ni isa sa mga kandidatong oposisyon ang nailuklok sa pwesto. Sa Senado, 13 boto lamang ang kinakailangan para maipasa ang anumang panukala. Kabilang sa mga nanalo sa Senado sina Imee Marcos, anak ng dating diktador na si Ferdinand Marcos; Ronald "Bato" dela Rosa, hepe ng pulis na nanguna sa madugong gera kontra-droga at Christopher "Bong" Go, ang espesyal na alalay ni Duterte na gumastos nang higit 30 beses sa kanyang kita, at lantarang gumamit ng pondo ng estado para sa kanyang kampanya.

Liban sa kanila, ang iba pang maka-Duterte na nailuklok sa pwesto ay sina Pia Cayetano, Sonny Angara, Lito Lapid, Francis Tolentino, Aquilino Pimentel III, Ramon Revilla Jr at Cynthia Villar. Nanalò rin sina Nancy Binay at Grace Poe, mga hindi niya kapartido, pero hindi rin itinuturing na oposisyon. Wala ni isang kandidato mula sa kalabang partido ang nakapasok sa Senado.

Sa Mababang Kapulungan, 85 na kinatawan ang nailuklok ng partido ni Duterte na PDP-Laban. Kasunod ang 43 mula sa Nacionalista Party (NP), na pinamumunuan ni Manuel Villar; 36 mula sa Nationalist People's Coalition (NPC) ni Eduardo Cojuangco; at 25 mula sa National Unity Party (NUP) ni Ronaldo Puno. Ang Liberal Party (LP), ang partido ng oposisyon, ay nakapwesto lamang ng 18 kinatawan. Ang iba pang kinatawan ay mula sa Lakas, Asenso at samutsaring rehiyunal na partido, kabilang ang Hugpong ng Pagbabago ni Sara Duterte. Kaalyado ng PDP-Laban ang NP, NUP, Lakas, Asenso at karamihan ng

mga rehiyunal na partido. Kayang buuin ng mga partidong ito ang mayorya ng Mababang Kapulungan.

Sa antas lokal, 41 sa 81 gobernador ay mula sa partido ni Duterte. Karamihan sa mga lokal na kandidato ay sumuporta sa partido ni Duterte sa takot na mapabilang sa kanyang arbitraryong "narco list." Sa maraming lugar, siguristang sinuportahan ni Duterte ang dalawa o tatlong kandidatong tumatakbo sa parehong pusisyon para tiyakin ang boto sa kanyang mga senador.

Pagbahura sa sistemang party list

Pinatakbo ni Duterte ang kanyang mga alipures gamit ang huwad na mga partidong elektoral para bahurain ang sistemang party list at ipagkait sa mga progresibong partido, partikular sa bloke ng Makabayan, ang nararapat sa kanilang mga pwesto.

Anim na kinatawan lamang mula sa apat na progresibong partido ang uupo sa Kongreso matapos ang mga paninira at atake sa kanila

ng militar, pulis at ni Duterte mismo. Pumangalawa sa may pinakamaraming boto sa eleksyong party list ang Bayan Muna na makakakuha ng tatlong pwesto. Isa sa mga kinatawan nito ay ang lider Lumad na si Euphemia Cullamat ng Kasalocaraga. Samantala, tig-iisang pwesto ang nakuha ng Gabriela, ACT Teachers Party at Kabataan Partylist.

Dahil sa pagmamaniplula at pananakot ng rehimen, hindi naabot ng Anakpawis ang rekisitong mga boto.

Limampu't isang partido ang nakapagluklok ng may kabuuang 61 kinatawan sa ilalim ng sistemang party list sa Kongreso. Dalawampu't siyam sa mga partidong ito ay may mga kinatawan na kaalyado ni Duterte, mga dating pulitiko o malalaking negosyante.

Kabilang sa mga kilalang partido ng rehimen ang ACT-CIS, Marino at Duterte Youth. Ang ACT-CIS, na nakakuha ng pinakamaraming boto, ay likha ng pamilyang Tulfo na masusugid na alagad ni Duterte at mahigpit na tagasuporta ng kanyang madugong gera kontra-droga. Suportado rin nila ang pag-amyenda sa mapanganib na Human Security Act. AB



#LabanBayan, protesta kontra dayaan

HIGIT 2000 ANG nagmartsa patungong Philippine International Convention Center (PICC) kung saan isinagawa ang bilangan ng 2019 eleksiyong *midterm* noong Mayo 17. Nagkaisa ang sektor ng kabataan, kababaihan, taong simbahan at iba pa sa pangunguna ng grupong Kontra Daya at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) para kundenahin ang dayaan at karahasan sa eleksyon.

Higit pitong oras na naantala ang paglalabas ng Commission on Elections (Comelec) ng mga paunang bilang ng boto noong gabi ng Mayo 13, araw ng eleksyon. Kaakibat pa nito ang 1665 SD *card* na hindi gumana at kinailangang palitan sa mismong araw. Gayundin ang 961 makina sa pagboto na nagloko at hindi tumanggap ng balota.

Lantaran ang pakikialam ng paksyon ni Duterte at ng militar at pulis sa naganap na eleksyon. Ilang araw bago ang halalan, sunud-sunod ang naging pag-atake sa mga

progresibong partido at mga kasapi nito. Walang ampat ang pagbabansag sa mga partido bilang mga grupong terorista. Pinakamatindi ang mga kaso ng pananakot sa Mindanao na nakapailalim sa batas militar.

Parehong mga protesta ang inilunsad sa mga syudad ng Quezon, Baguio, Naga at Tacloban at sa mga prubinsya ng La Union, Bohol at Iloilo. Bago nito, dalawang magkasunod na rali ang inilunsad ng mga pambansa demokratikong grupo sa pambansang kabisera. AB

IKA-12 ARAW NG MANGYAN. Nagtipon ang pitong tribo ng mga Mangyan sa Calapan, Mindoro Oriental noong Mayo 10 para ipagdiwang ang Araw ng Mangyan 2019. Nagbuklod ang mga tribo sa temang “Mangyan, Magkaisa para sa Lupang Ninuno, Kalikasan, Kabuhayan at Malinis na Halalan!” sa ika-12 taon ng Araw ng Mangyan.

Inihapag ng mga Mangyan ang mga suliranin sa kabuhayan, lupang ninuno at militarisasyon at pananakot ng mga armadong elemento ng estado sa kanilang hanay. Noong Mayo 9, hinarang ang delegasyon ng Bongabong ng tatlong sasakyan ng mga pulis. Nagtapos ang pagdiriwang sa paglulunsad ng isang karaban.

PIKET KONTRA CRPIP. Nagtipon ang mga katutubong Igorot sa harapan ng pangrehiyong upisina ng National Economic and Development Authority sa Baguio City noong Mayo 7. Kasabay ito ng pagpupulong ng mga katutubong apektado ng proyekto at mga kinatawan ng National Irrigation Administration (NIA) at National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) kaugnay ng Chico River Pump Irrigation Project (CRPIP).

Sa mga sumunod na araw, naglabas ng desisyon ang direktor ng NCIP Cordillera na si Ronald Calde na pansamantalang ipinatitigil ang konstruksyon ng CRPIP sa Pinukpuk, Kalinga dahil wala pang nakukuhang Free, Prior and Informed Consent mula sa mga katutubo. Pansamantalang ipinalilipat ang konstruksyon sa bahaging Cagayan.

ARAW NG MANGGAGAWA SA KALUSUGAN. Nagtipon sa Maynila ang mga manggagawa sa kalusugan mula sa mga pribado at pampublikong ospital noong Mayo 7 para gunitain ang Araw ng mga Manggagawa sa Kalusugan. Dito, ipinanawagan ng Alliance of Health Workers ang pagpapatupad ng ₱16,000 pambansang minimum sa mga pampublikong empleyado, ₱750 kada araw para sa mga pribadong empleyado at ₱30,000 para paunang sahod ng mga nars. Itinutulak din ng grupo ang pagpapabasura sa kontraktwalisasyon sa kanilang hanay.

TAGUMPAY SA SUPER 8. Tagumpay ang *black shirt protest* ng Samahang Manggagawa sa Super 8 Retail System Incorporated noong Mayo 8. Inilunsad ang pagkilos at pagpapabagal ng produksyon bilang protesta sa pagsuspinde sa 15 manggagawa na tumanggap magtrabaho ng obertaym noong Mayo 4. Agad na ibinalik sa trabaho ang mga manggagawa matapos makipag-usap sila sa maneydsment. Nailatag din nila ang paglaban sa hindi makataong obertaym.

Samantala, ginunita ng mga kaanak at mga kapwa manggagawa ang pagkamatay ng Kentex 72 noong Mayo 12 sa Valenzuela City. Pinangunahan ng Workers Rights Advocates Network ang pananawagan ng hustisya at pagpapanagot sa maneydsment ng Kentex.

Kinalampag ng Kilos na Manggagagawa noong Mayo 20 ang upisina ng Regional Wage Board ng National Capital Region matapos magsumite ng Motion to Dismiss ang mga negosyante para harangin ang petisyon para sa dagdag sahod.

PROTESTA LABAN SA BACIWA. Sunud-sunod na mga protesta at pangangalampag ang inilunsad ng unyon ng Bacolod City Water District (BACIWA) sa harapan ng kanilang upisina noong ikatlong linggo ng Mayo.

Kinundena ng unyon ang naging desisyon ng Board of Directors ng BACIWA na pumaloob sa isang 25 taong kasunduan sa Prime Water, isang pribadong kumpanya. Kung matutuloy ito, pagmamay-arian ng Prime Water ang 80% ng BACIWA at 20% na lamang ang hawak ng guberno.

Ayon sa unyon, lubhang maaapektuhan nito ang 520 manggagawa ng upisina. Gayundin, papasanin ng mga konsyumer ang madadagdag na 12% *value added tax* dahil sa paglilipat nito sa pribado.

Pang-aagaw ng lupang Maranao para sa gamit-militar

Magdadalawang taon na matapos palayasin ng rehimeng US-Duterte ang mga Maranao sa Marawi City. Hanggang ngayon, wala pang pamilya ang nakabalik sa sentro ng syudad dahil okupado ito ng mga sundalong Pilipino at Amerikano. Habang nagtatagal, lalong nagiging imposible na makabalik pa ang mga residente dito.

Sa bisa ng isang dikretong presidensyal na inilabas noong 1953, kaagad na sinimulan ng AFP ang konstruksyon ng 10-ektaryang kampo militar sa puso mismo ng syudad. Kunwa'y magiging hedkwarters ito ng AFP, pero sa katunaya'y gagamitin itong pasilidad ng US para sa mga espesyal na operasyon nito sa bansa.

Malaon nang ginagamit ng US ang Marawi bilang base ng mga operasyon nito sa Mindanao. Noong 2010 lamang, nabunyag ang paggamit ng Special Operations Command (SOC) ng US sa Camp Ranao, hedkwarters ng 103rd Bde sa Marawi, matapos mabalita ang pagpaslang kay Gregan Cardeno sa loob nito. Nagtatrabaho noon sa loob ng kampo si Cardeno bilang tagasalin ng Liaison Coordination Elements (LCE). Ang mga LCE ay maliit na grupo ng *special forces* ng US na pumapaloob sa mga taktikal kumand ng AFP para magbigay ng “pa-yo” sa mga sundalong Pilipino.


Mula't sapul, krusyal sa US ang Marawi at mga bayang nakapaligid sa Lanao Lake. Nang okupahin nito ang Mindanao sa simula ng siglong 1900, sadyang pinasok ng US ang mga bayan sa Lanao at ginapi ang mga datu dito. Dito unang sumiklab ang tinagurian ng mga akademiko na “Rebelyong Moro” (1899-1913)—ang armadong paglaban ng Moro para ipagtanggol ang kanilang lipunan at lupang anestral laban sa okupasyong Amerikano. Sa tinaguriang Labanan sa Bayan (ngayo'y Bayang, Lanao del Sur), magiting na

nilabanan ng mga Maranao ang pang-aatake ng US gamit ang kaniyang katutubong armas. Naggapi ang mga Maranao sa harap ng brutal na mga taktika ng US gamit ang mas abanteng mga armas. Nang bumagsak ang Bayang, lumaban naman ang mga Moro sa bayan ng Bacolod at Taraca kung saan nagkamit ng maraming kaswalti ang mga tropang Amerikano. Sa kalaunan, inabot ng mga Amerikano ang Marawi (noo'y Dansalan) at idinugtong ito sa Iligan.

Unang nagtayo ng kampo militar ang US sa Bayang (Camp Vickers) noong 1902. Dito bumase si Captain John Pershing, ang tinaguriang “eksperto” sa kontra-insurrensya dahil matagumpay diumano ang kanyang kampanyang pasipikasyon sa mga Maranao. Ang totoo, nauna na ang brutal at madugo ang pananalakay ng

US sa mga Maranao ng Lanao bago pa ang kunwa'y pakikipagkasundo ni Pershing sa mga datu rito.

Noong 1903, itinayo ng US ang Camp Keithley sa Marawi, bilang parangal kay Fernando Keithley, isang sundalong Amerikano na natatay ng mga Maranao sa isang ambush. Binubuo ang Camp Keithley (ngayo'y Camp Amai Pakpak na inangkin ng AFP) ng 6,000 ektaryang lupa sa Marawi at kalapit na mga bayan ng Marantao, Piagapo at Sa-guiaran. AB



HINDI KRIMINAL ANG MGA BATA. Kasabay ng sesyon ng Senado noong Mayo 20, nagpiket ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at mga organisasyong nangangalaga sa karapatan ng mga bata sa harapan ng Senado sa Pasay City. Kinundena nila ang nais ipasang batas na magbababa sa edad ng bata na pwedeng ikulong. Pinangunahan ito ng Salinlahi Alliance for Children's Concerns.

MGA DAGDAG NA BAYARIN SA KOLEHIYO, TINUTULAN. Pina-iimbestigahan ng Kabataan Partylist (KPL) ang pag-apruba ng Commission on Higher Education ng pangungulekta ng 141 iba pang mga bayarin sa mga State Universities and Colleges (SUCs). Kabalintunaan ito sa kunwa'y libreng edukasyon sa mga pampublikong kolehiyo. Nagsumite ang KPL ng resolusyon para pag-aralan ang hakbang nito sa Kongreso noong Mayo 12.

Ayon sa KPL, naghahanap lamang ang CHED ng paraan para makakolekta pa rin ang mga SUC. Ito ay habang patuloy ang pagtaas ng matrikula sa mga pribadong kolehiyo.

LIDER-IGOROT, KINILALA SA KOREA. Ginawaran ang lider-Igorot na si Joanna Kintanar Cariño ng Gwangju Price for Human Rights sa South Korea noong Mayo 18 bilang pagkilala sa kanyang pagtatanggol sa mga karapatang-tao. Ito ay sa harap ng pagbabansag sa kanya ng rehimeng Duterte bilang isang "terrorista" noong nakaraang taon.

Ipinagkaloob ng May 18 Memorial Foundation ang gawad kay Cariño dahil sa mahabang panahon niyang pakikibaka oara sa karapatang-tao. Si Cariño ay lumaban sa diktadurang US-Marcos sa kabila ng pagkakakulong at tortyur. Isa rin siya sa mga nagtatag sa Cordillera People's Alliance.

Piket ng mga manggagawa ng Holcim, inatake

INATAKE NG MGA hindi nakilalang mga lalaki ang piket ng mga manggagawa ng Holcim Philippines Inc. sa harap ng planta ng kumpanya sa Davao City noong Mayo 1. Higit dalawampung lalaking nakabonet na may dalang mga patalim ang dumagsa sa piket. Pinagbabaklas nila ang mga balatengga at plakard ng Davao Holcim Employees Workers Union.

Nakapiket ang mga manggagawa simula pa Marso 4, matapos illegal na tanggalin ang 100 manggagawa nito. Ayon sa mga manggagawa, tanging ang pamunuan lamang ng Holcim ang makakagawa nito.

Nitong Mayo, binili ng First Stronghold Cement Industries Inc, isang subsidiaryo ng San Miguel Corporation (SMC), ang Holcim sa halagang \$2.15 bilyon. Ang SMC ay pinatatakbo at pagmamay-ari ng mga kumprador na sina Ramon Ang

at Eduardo Cojuangco. Pinalalakas ng SMC ang negosyo nito sa semento at konstruksyon para pakinabangan ang programang 'Build, Build, Build' ng rehimeng Duterte.

Ang Holcim Philippines ay dating subsidiaryo ng LafargeHolcim Ltd., isang kumpanyang Swiss. Sa unang tatlong buwan ng 2019, kumita ito ng ₱703.86 milyon, mas malaki sa dating ₱699.89 milyon sa 2018. May apat na planta at isang *grinding mill* ng semento ang kumpanya. AB

Mas malalaking pagsasanay-militar, planong idaos ng US sa 2020

PLANONG IDAOS NG US ang mas malalaking pagsasanay-militar sa bansa sa 2020. Partikular sa pagsasanay na Salaknib, higit doble ang nakatakdang lalahok na mga Amerikanong sundalo mula 900 ngayong taon tungong 1,700 sa susunod na taon. Ang Salaknib ay paghahanda sa taunan at mas malaking pagsasanay na Balikatan.

Mula Enero hanggang Marso nitong taon, lalong dumami ang mga aktibidad ng US sa bansa. Alinsunod sa ulat ng Inspector General (IG) ng US kaugnay sa Operation Pacific Eagle-Philippines (OPE-P), nagdaos ng iba pang aktibidad militar ang US kasabay sa malalaking pagsasanay-militar at mga pagdaong ng barkong pandigma sa unang kwarto ng taon. Kabilang sa mga aktibidad na ito ang pagpapalipad ng mga eroplanong pandigma sa soberanong teritoryo ng Pilipinas, deployment ng isang Stryker Brigade para tumulong sa mga operasyong militar ng AFP, pagtatayo ng pasilidad para sa "urban warfare" sa Fort Magsaysay, deployment ng mga "tagapayo" sa special operations sa kampanya "kontra-terorismo," at "battle tracking" o mahigpit at *on-site* na pagsubaybay sa mga operasyong kombat ng AFP.

Tulad noong nakaraang taon, lubos na nakasandig ang AFP sa ISR (intelligence, surveillance, reconnaissance) ng US. Ayon sa ulat ng IG, "walang kakayahan" ang AFP na maglikom at magproseso ng datos paniktik nang nagsasarili. Noong 2018, mahigit \$50 milyon ang ginastos ng US sa pagpapalipad ng mga *drone* na pangsarbeylans, pagmantine ng base ng mga ito at pagsusuri sa nakukuhang mga datos.

Noong 2018, nagsagawa ng mahigit 250 aktibidad militar ang US sa bansa. Kapalit nito, binentahan ng US ang AFP ng pinaglumaang mga gamit-militar na nagkakahalaga ng mahigit \$35 bilyon. Sa unang kwarto ng 2019, muli itong nagbenta ng gamit-militar na nagkakahalaga ng \$5.8 milyon. AB

Gera sa kalakalang US-China, muling sumiklab

PANSAMANTALANG NATIGIL ang negosasyong pangkalakalan sa pagitan ng US at China noong Mayo 10 matapos ianunsyo ni Donald Trump, presidente ng US, ang pagpataw ng 10-25% taripa sa mga kalakal mula sa China na nagkakahalaga ng \$200 bilyon.

Inakusahan ni Trump ang China ng hindi paggalang sa dating mga napagkasunduan kaugnay ng *intellectual property rights*, pagluluwag sa mga patakaran sa kumpetisyon at manipulasyon at kontrol sa halaga ng *yuan*, ang pera ng China.

Sinundan ito ng pagbabawal ni Trump sa mga kumpanyang Amerikano na magbenta ng mga pyesa sa Huawei noong Mayo 18. Ang Huawei ay isang kumpanyang gumagawa ng mga selpon at iba pang gamit pangtelekomunikasyon. Dati nang inakusahan ni Trump ang Huawei ng pang-eespiya at idineklarang "banta sa pambansang seguridad" ng US.

Gumanti ang China sa pamamagitan ng pagpataw ng 25% taripa sa mga kalakal ng US na nagkakahalaga ng \$60 bilyon. Nagbanta rin itong itigil ang pagbili ng *natural gas* at langis sa US.

Nakipaggirian ang US sa China mula pa noong nakaraang taon para pilitin itong ibukas ang bansa sa dagdag na kalakal mula sa US. Dalawang beses itong nagpataw ng mga taripa sa mga produktong Chinese noong 2018. Sinimulan ang negosasyon sa pagitan ng dalawang bansa noong Enero. Sa kabila ng panibagong serye ng pagpataw ng mga taripa at sanksyon, nagpapatuloy ang negosasyon.

Umaabot sa \$540 bilyon ang halaga ng mga kalakal na inaangkat ng US mula sa China habang nasa \$120 bilyon lamang ang iniluluwas nito sa bansa.